
Tagalog


# HEPATITIS B AT ISANG MALUSOG NA SANGGOL





## Ano ang Hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay malalang sakit na napakakaraniwan sa maraming iba't-ibang mga bansa. Milyon-milyong mga tao sa buong mundo ang may Hepatitis B. Maraming tao ang may Hepatitis B at hindi nakakaramdam ng pagkasakit, pero marami ring ibang tao ang may Hepatitis B na nagkakasakit.



And usapang ito ay para sa mga babaeng may Hepatitis B at nagbubuntis o kapapanganak pa lamang. Maaaring maging malalang sakit para sa mga bagong silang ang Hepatitis B. Ituturo ng usapang ito ang tungkol sa Hepatitis B at kung ano ang pwede mong gawin upang matulungan ka at ang iyong sanggol na maging malusog.



## Papaano malalaman ng isang babae kung siya ay may Hepatitis B?

Sinusuri ang lahat ng mga nagbubuntis na babae para sa Hepatitis B kapag nagpatingin sila sa isang doktor. Kung hindi nagpatingin sa doktor ang isang babae kapag siya ay nagbubuntis, susuriin siya sa ospital kapag siya ay nanganak na. Kukuha ng kaunting dugo ang nurse mula sa braso ng isang babae para sa pagsusuri.



## Papaano nakakaroon ng Hepatitis B ang isang sanggol?

Maaaring mahawahan ng isang babae na may Hepatitis B ang kaniyang sanggol sa panahon ng panganganak. Kapag ang sanggol ay nagka-Hepatitis B, maaari siyang malubhang magkasakit habang siya ay lumalaki.



## Maaari bang mabigyan ng proteksyon sa Hepatitis B ng mga doktor ang mga sanggol?

Oo. Binibigyan ang lahat ng mga sanggol na ipinanganak sa United States ng mga shot o bakuna upang mahadlangan ang Hepatitis B. Ibinibigay ang unang shot sa sanggol sa ospital pagkaraang ipanganak ang sanggol.



## Ilang mga shot ang kailangan ng isang sanggol upang mahadlangang makakuha siya ng Hepatitis B?

Binibigyan ng 3 o higit pang mga shot para sa Hepatitis B ang mga sanggol. Sasabihin ng doktor kung ilang mga shot ang kailangan ng iyong sanggol upang mabigyan siya ng proteksyon sa Hepatitis B. Sasabihin din sa iyo ng iyong doktor na dalhin ang iyong sanggol sa clinic para sa examination at iba pang mga shot. Makakatulong ito para sa kalusugan ng iyong sanggol.



## Kailan kailangang dalhin ang iyong sanggol sa doktor?

Sasabihin sa iyo ng iyong doktor o nurse kung kailan dapat dalhin ang iyong sanggol sa clinic. Dapat na mabigyan ng ikalawang shot para sa Hepatitis B ang iyong sanggol kapag siya ay 1 o 2 buwang gulang. Importante na madala mo ang iyong sanggol sa doktor para sa shot na ito. Pagkaraan ng ikalawang shot, kailangang mabigyan ng ikatlong shot ang iyong sanggol para sa Hepatitis B. Sasabihin ng doktor sa iyo kung kailan mo kailangang bumalik para sa shot na iyon. Sasabihin din niya sa iyo kung kailangan ng iyong sanggol ng karagdagang mga shot.



**Pwede mo bang pasusuhin ang iyong sanggol?**

Oo, pwede mong pasusuhin ang iyong sanggol. Hindi mo mahahawahan ng Hepatitis B ang iyong sanggol sa pagpapasuso sa kanya.



## Nakakakain ka bang kasama ng iyong pamilya?

Oo, nakakakain kang kasama ng iyong pamilya. Hindi magkakaroon ng Hepatitis B ang iyong pamilya sa pagkain sa iisang mesa o sa paghahati-hati sa mga kagamitan sa pagkain. Merong mga ina na ningunguya ang pagkain at ipinapakain ito sa kanilang mga sanggol pagkatapos. Sinasabi ng mga doktor na huwag itong gawin. Maaaring magkaroon ng Hepatitis B ang iyong sanggol mula sa pagkaing nginuya mo.



## Maaari mo bang yakapin o halikan ang iyong sanggol?

Oo, walang panganib sa pag-yakap or pag-halik ng iyong sanggol. Hindi mo mahahawahan ng Hepatitis B ang iyong sanggol sa pagyakap o paghalik sa kanya.



## Ano ang maaari mong gawin upang panatilihing malusog ang iyong pamilya?

Dapat na magpatingin sa doktor ang lahat ng nakatira sa iyong tahanan. Kasama dito ang iyong pamilya, iyong mga anak at sinumang nakatira sa iyong tahanan. Dapat ding magpatingin sa doktor ang ama ng iyong sanggol. Kakausapin sila ng doktor kung papaano maiiwasan ang Hepatitis B.



Mayroon ka bang anumang mga katanungan? Kung mayroon kang mga tanong, maghahanap ako ng taong makakatulong magsalin sa Tagalog.